


# ANG DIYOS MISMO ANG SARILI NIYANG TAGAPAGPALIWANAG

 Ama naming Makalangit, isang Salita lamang buhat sa Iyo ay higit pa ang halaga kaysa sa magagawa o masasabi ng lahat ng tao anumang oras, sapagkat naghihintay ang mga tao na makita Ka. At pinasasalamatang Ka namin sapagkat mayroong mga umaasa, inaabangan po nila ang isang bagay na mangyayari. At kapag nauuhaw ang mga tao para sa isang bagay, ang kalaliman ay tumatawag sa Kalaliman, tiyak na may Kalaliman na tutugon sa tawag na iyon. At kaya naririto kami ngayong gabi, dahil napasa mga puso ng mga ministrong ito, at ng mga tao, na tawagin kami't magkatipon-tipon upang humiling sa Iyo ng mga tulong at mga pagpapala, nananampalatayang pagagalingin Mo ang mga maysakit at liligtas ang mga naliligaw, at ipamamalas ang Iyong Salita.

<sup>2</sup> At dalangin namin, Amang Makalangit, na ipagkakaloob Mo po ito sa amin habang may pagpapakumbaba kaming naghihintay sa Iyo, gabi-gabi. Magkaroon nawa ng lubos na—na pagbuhos ng Espiritu Santo, at nawa ang bawat tao ay walang makitang anumang iba pang bagay sa paligid nila kundi ang Diyos. Magkaroon nawa ng napakatinding pag-iyak sa gitna ng mga tao, na nauuhaw sa Diyos, hanggang sa magkaroon ng isang rebaybal sa buong bansa rito at ang bawat iglesya ay mangapuno ng mga tao, mga makasalanang nagsusumamo sa Diyos na nawa'y mahabag, at—at ang Espiritu Santo ay pinagagaling ang mga maysakit, ginagawang makaladak ang mga pilay, at ibinabangon ang mga patay, at ipinagkakaloob ang mga bagay na ito na ipinangako ng Iyong Salita.

<sup>3</sup> Pumarito Ka po, Panginoong Jesus, at tuparin ang Iyong pangako. Pumarito Ka sa amin ngayong gabi. Nananampalataya kami na Ikaw ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, na hindi mabibigo ang Iyong mga pangako. Parehong mabibigo ang kalangitan at ang lupa ngunit ang Iyong Salita ay hindi mabibigo. Maging bukas nawa ang aming pang-unawa. Pumarito nawa ang Espiritu Santo at ihanda na ang nabungkal na lupa. Nawa ang aming pang-unawa ay maging bukas sa Espiritu at sa kapangyarihan ng Diyos ngayong gabi, upang maipamalas Niya ang Kanyang mga pangakong Salita sa pamamagitan namin. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

<sup>4</sup> Ngayon, sa gabing ito, kayo na inaabangan ang teksto, buksan natin ang Biblia sa Aklat ng Ikalawang Pedro, at

magsimula sa ika-15 talata, para bilang isang paraan lang ng pangungusap tungkol sa Kasulatan sa ilang sandali.

*Oo, pagsisikapan ko na sa tuwituwi na pagkamatay ko'y inyong maalaala ang mga bagay na ito.*

*Sapagka't kami ay hindi nagsisunod sa mga gawang may katusuhan, mga katha, noong aming ipinakilala sa inyo ang kapangyarihan at ang pagparito ng Panginoong Jesus Cristo, kundi kami ay naging mga saksing nakakita ng kaniyang karangalan.*

<sup>5</sup> Gusto ko iyan, “mga saksi.” Hindi kung anong katha. Mga saksi tayo ng sinasabi natin.

*Sapagka't siya'y tumanggap sa Dios Ama ng karangalan at kaluwalhatian, at nang dumating sa kaniya ang isang tinig mula sa marangal na Kaluwalhatian, Ito ang sinisinta kong Anak, na siya kong kinalulugdan.*

*At ang tinig na ito ay aming narinig na nanggaling sa langit, nang kami ay kasama niya sa banal na bundok.*

*At kami ay mayroong lalong panatag na salita ng propesiya; na mabuti nawa ang inyong ginagawa kung ito'y inyong sinusundan, na gaya ng sa isang ilawang lumiliwanag sa . . . dakong madilim, hanggang sa pagbubukang liwayway, at ang tala sa umaga ay sumilang sa inyong mga puso:*

*Na maalaman muna ito, na alin mang propesiya ng kasulatan ay hindi nagbuhat sa sariling pagpapaliwanag.*

*Sapagka't hindi sa kalooban ng tao dumating ang propesiya kailanman: kundi ang banal na tao ay nagsalita buhat sa Dios na nangaudyokan ng Espiritu Santo.*

<sup>6</sup> Idagdag nawa ng Panginoon ang Kanyang mga pagpapala sa pagkabasa ng Kanyang Salita. Ngayon, tatalakayin ko ito bilang paksa: *Ang Diyos Mismo Ang Sarili Niyang Tagapagpaliwanag.*

<sup>7</sup> Nabubuhay tayo sa isang panahon ng kalituhan. Nabubuhay tayo sa isang panahon na kung kailan hindi na halos malamang ng mga lalaki't kababaihan kung ano ba ang gagawin. Ang lahat ng bagay, ito—ito'y para bang nasa isang napakagulong sitwasyon. Ang lahat ng bagay, para bang napakaraming iba't ibang paraan ng pagtingin. Iyon si satanas, na gagawa ng gayon.

<sup>8</sup> Ngayon, hindi mahahatulan ng Diyos ang isang bayan nang matuwid, nang tama, maliban na may isang pamantayan na mapagbabatayan ng hatol Niya sa kanila. At sinasabi ng Biblia na hahatulan Niya ang lahat ng tao sa pamamagitan ni Jesus Cristo, at si Jesus Cristo ay ang Salita. Sa San Juan, sa unang kabanata, sinabi Nito:

*Nang pasimula siya ang Salita, at ang Salita ay sumasa Dios, at ang Salita ay Dios.*

*At nagkatawang-tao ang Salita, at tumahan sa gitna natin, . . .*

<sup>9</sup> Ngayon, ang kabuuan natin ngayon ay ang pagpapakita ng Kanyang mga katangian. Sa Diyos. . . Una ay ni hindi pa nga Siya Diyos, ang Diyos, matatawag lang natin Siyang “Yaong Walang Hanggan.” Hindi Siya Diyos noon, dahil ang salita (Ingles na salita) na *God* [*Diyos*—Tag.] ay nangangahulugang “pinag-uukulan ng pagsamba” at wala noong anumang sasamba sa Kanya. Kaya Siya Yaong Walang Hanggan, ang—ang pangunahing Bukal ng lahat ng karunungan. At sa Bukal ng lahat ng karunungan na ito ay wala noon ni isa mang atom, molecule, o kahit ano, liwanag man sa kung saan, bituin, buwan, wala nang iba pa. Ang Diyos, ang nalalaman natin bilang Diyos, ang dakilang Espiritu na Walang Hanggan (hindi kailanman nagpasimula, hindi kailanman nagwakas), naroroon na Siya. At ang nasa Kanya ay mga katangian: iyon ay mga katangian na maging Diyos, saka ang Kanyang mga katangian na maging isang Ama, mga katangian na maging isang Anak, mga katangian na maging isang Tagapagligtas, mga katangian na maging isang Tagapagpagaling. Ang lahat ng mga katangiang ito ay nasa Kanya. At ngayon Siya. . . Ang mga bagay na ito na nalantad magmula noon ay mga katangian lamang Niya na nahahayag.

<sup>10</sup> Ang ibig kong sabihin, ang *mga katangian* ay Kanyang “mga kaisipan.” At ang isang—isang *salita* ay “isang kaisipan na nahayag.” At noon ’yun ay nasa Kanya pang pag-iisip. At nang sabihin Niya, “Magkaroon,” at nagkaroon nga. “Magkaroon,” at nagkaroon nga.

<sup>11</sup> At ngayon, alalahanin n’yo, kayong mga Cristiano ay mga kaisipan Niya bago pa man nagkaroon ng sanlibutan. At kayo ang kahayagan ng Kanyang pag-iisip. Bago pa man nagkaroon ng sanlibutan, na kay Cristo na kayo, (amen) nasa Diyos na sa pasimula. Ginagawa kayo niyan, kung gayon, nakita n’yo, na mga sakop Niya. At ang kabuuan ay ang Diyos, Mismo, na ginawa ang Kanyang Sarili na nahahawakan upang mahawakan Siya, makita, at—at iba pa. At iyon ang Diyos, ang kabuuan.

<sup>12</sup> Pagkatapos sinasabi ng mga tao, “Ang kapaliwanagan. . .” Nagsasalita ako rito hindi pa katagalan sa isang pagtitipon, sabi sa akin ng isang lalaki, sabi niya, “Kapatid na Branham, mali ang taglay mong pagpapaliwanag. Hindi mo naipapaliwanag Iyon nang tama.”

<sup>13</sup> Ngayon, naririnig natin. . . Pumupunta sila sa Methodist, at sinasabi nila, “Ang Baptist hindi tama ang paliwanag.” Sinasabi ng Baptist, “Ang sa mga Pentecostal hindi tama.” Sinasabi naman ng Pentecostal na “Ang—ang sa Oneness hindi tama.”

Sinasabi ng Oneness, “Ang sa mga Assemblies hindi tama.” At bawat isa ay nagsasabing hindi raw tama ang paliwanag ng iba.

<sup>14</sup> Ang Diyos Mismo ang Sarili Niyang Tagapagpaliwanag! Hindi Niya kailangan ng sinuman para magpaliwanag para sa Kanya. Siya Mismo ang nagpapaliwanag. Sino ba ang taong maipapaliwanag ang Diyos? Ang Diyos Mismo ang Sarili Niyang Tagapagpaliwanag.

<sup>15</sup> Ngayon, nangungusap si Pedro dito, nalaman natin na sa pasimula noong sinabi ng Diyos, “Magkaroon ng liwanag,” at nagkaroon nga ng liwanag, iyon na ang kapaliwanagan doon. Kapag sinabi ng Diyos ang anumang bagay at nahayag iyon, kung gayo’y iyon na ang kapaliwanagan ng Diyos na tama ang Kanyang Salita. Kita n’yo? Noong sinabi Niya, “Magkaroon ng liwanag,” naroon muna iyon sa Kanyang isipan bago nagkaroon ng ganoong bagay na gaya ng liwanag. Noong sinabi Niya, “Magkaroon ng liwanag,” lumitaw nga ang liwanag sa kalawakan, iyon na ang paliwanag. Walang kailangang magpaliwanag niyon, sapagkat sinabi iyon ng Diyos at hayun na nga iyon. Kapag nagsalita ang Diyos at nahayag iyon, ’yun na ang kapaliwanagan ng Kanyang Salita. Bakit ba hindi ’yon makita ng mga tao? Bakit ba hindi iyon nakikita ng mga tao?

<sup>16</sup> Kapag nangako ang Diyos at sinabi ng Diyos... Sa—sa pasimula, sa Genesis, nagtakda Siya ng Kanyang Salita sa bawat kapanahunan sa pagdaraan Nito mula sa pasimula hanggang sa wakas. At, sa pagdaraan ng mga kapanahunang ito, ang mundo ng iglesya ay ginawang ganap na kalituhan ang lahat ng mga bagay na ito dahil sa mga tradisyon, at iba pa, at laging nagsusugo ang Diyos sa tagpo, mula sa Lumang Tipan at sa Bago, ng mga propeta! At dumarating ang Salita ng Panginoon sa propeta. At paano Nito nagagawa iyon? Inihahayag Nito ang Salita ng Diyos. Ang paghahayag ng Diyos, ipinapakita niyon kung tama o mali ’yon. Walang sinuman ang kailangang magpaliwanag Nito, ipinaliliwanag ng Salita Mismo ang Sarili Nito. Ipinangako iyon ng Diyos at hayun nga’t nangyayari iyon!

<sup>17</sup> Anong kabutihan ang naidudulot na sabihin ang anupamang ibang bagay patungkol Rito? Sino ang makasalanang tao na susubukang magsabi (kapag nangako ang Diyos at ginawa iyon ng Diyos) na mali ang paliwanag na iyon? Iyon na ang Diyos Mismo na gumagawa ng Sarili Niyang pagpapaliwanag, nagpapaliwanag. Hindi Niya kailangan ang sinuman para ipaliwanag Siya, Siya Mismo ang nagpapaliwanag sa pamamagitan ng pagsasakatuparan ng kung ano ang ipinangako Niyang gagawin nga Niya.

<sup>18</sup> Oh, kung makikita lang ng iglesya iyon at makita ang mga pangako na inilaan para sa bawat kapanahunan! Sa lahat ng iba pang mga kapanahunan, nagsugo ang Diyos sa tagpo (maging sa pasimula hanggang sa wakas ng pitong kapanahunan ng iglesya)

at ginawa ang lahat na ipinangako Niyang gagawin. Lahat ng bagay, wala ni isa mang bagay na hindi pa nagawa. Mismo! Ang sinabi Niyang gagawin Niya, ay ginawa nga Niya.

<sup>19</sup> Dahil noong sabihin ng Diyos, doon noon sa Isaias, sabi Niya, “Isang birhen ang maglililihi,” at ito nga. Ngayon, sino—sinong makapagpaliwanag nun? Ang Diyos na ang nagpaliwanag. Sinabi Niya, “Isang birhen ang maglililihi,” at naglihi nga ito. Ngayon, ano ba ang inyong . . . hindi n’yo . . . Wala nang maaaring masabi pa patungkol doon, dahil sa sinabi ng Diyos na maglililihi ang naturang birhen at naglihi nga. Subalit napakabulag noon ng iglesya para makita iyon. Kita n’yo, may sarili silang ideya tungkol doon. Iyon ay lubhang—lubhang iba sa inaasahan nila.

<sup>20</sup> Tinutukoy ni Pedro rito, sabi niya, “Inihayag ng Diyos si Cristo sa pamamagitan ng Kanyang Salita, sinabi Niya, ‘Ito ang sinisinta Kong Anak.’” Ang mga mananampalatayang ito ay nangakatayo noon doon. At si Cristo ang kahayagan ng Diyos. Palagi Niyang inihahayag si Cristo sa pamamagitan ng Kanyang Salita, sapagkat si Cristo ay ang Salita. Lagi Siyang inihahayag.

<sup>21</sup> Noong sinabi Niya . . . Sa panahon ni Noe, si Cristo ay na kay Noe noon. Naniniwala ba kayo roon? Sinabi ni Noe, “Ulan. Magkakaroon ng ulan, magugunaw ang mundo.” Umulan nga. Hindi na niyon kailangan ng paliwanag. Umulan dahil ang Diyos, na na kay Noe, ay nagsabi, “Ulan.” Isa siyang propeta, at ang katibayan ay na nangyari nga ang sinabi niya. Kaya hindi na nila kailangan ipaliwanag iyon.

<sup>22</sup> Ang ilan sa kanila ay maaaring, sa paligid, nagsabi, “Hindi alam ng lalaking ito ang sinasabi niya.”

<sup>23</sup> Subalit noon pa ma’y ipinangako na ng Diyos, “Kung may isa sa gitna ninyo na isang espirituwal, o propeta, at ang sinasabi niya ay nagaganap, kung gayo’y pakinggan ninyo iyon.” Siyanga, sapagkat totoo ’yon. Kinakailangan na nakaayon iyon sa Salita. At nakaayon si Noe sa Salita. Noong iprinopesiya niya na ulan, at umulan nga. Hindi na niyon kinailangan ng kapaliwanagan para doon, dahil ginawa nga niyon ang ganoon.

<sup>24</sup> Sinabi ni Isaias, “Isang birhen ang maglililihi,” at ito nga. Ngayon, lubos na kakaiba iyon. Sapagkat, kita n’yo, nagdaan ang daan-daang taon bago naglihi ang birheng ito.

<sup>25</sup> Napakakakaiba niyon hanggang sa ang isang mabuting lalaki na nagngangalang Jose, ang kanyang asawa, “palibhasa’y matuwid na lalaki ay ayaw ihayag sa madla ang kanyang kapurihan. . . .” Ang mabuting lalaking iyon noong panahong iyon, naging napakahirap marahil para kay Jose gayong nakipagkasundo na siya, ikakasal na kay Maria.

<sup>26</sup> Ikakasal na ito. Noong panahong iyon, ang hindi pagtupad nun, ay kagaya na rin ng pakikipangalunya. At, siyempre pa, para kay Jose, para bang sinusubukan siyang gamitin ni Maria bilang pangharang, o gawin siyang panangga para sa

pagkakamali nito, sapagkat heto na ito na nasumpungang nagdadalantao, na hindi pa naman kasal, nagkasundo pa lang na pakakasal. Ang isang panlilinlang na ganoon, ay babatuhin hanggang sa mamatay; tiyak iyon, ayon sa batas.

<sup>27</sup> At si Jose, na asawa nito, ay isang taong matuwid, isang talagang matuwid na lalaki. Sumasampalataya siya sa Diyos. At nang tingnan nito siya niyaong mga kaaya-aya, malalaki't malalamyos na mga mata, at sabihin, "Jose, dumalaw sa akin si Gabriel na Arkanghel at sinabi sa akin na magdadalantao ako, na walang nakikilalang lalaki."

<sup>28</sup> Ngayon, kung tumingin lang sana si Jose pabalik sa Kasulatan, sinabi ng propeta na mangyayari nga sa dalagang iyon ang gayon! Iyon ay ang Diyos lamang na ipinaliliwanag ang Sarili Niyang Salita! Kita n'yo? Subalit napakakakaiba niyon.

<sup>29</sup> Iyon ang problema sa alinmang kapanahunan. Ang Salita ng Diyos ay kakaiba sa mga tao; Ito'y lubhang di-pangkaraniwan. Laging ginagawa ng Diyos ang di-pangkaraniwan. Kakaiba saan man ang Diyos. Ito ay laban sa mga sistema ng sanlibutan, sapagkat inilalagay nila ang mga bagay sa paraan na sa palagay nila'y dapat nitong kalagyan. Subalit dumarating ang Diyos at ginagawa ang di-pangkaraniwan.

<sup>30</sup> "Papaano maglilihi ang birhen na ito?" Siya ay matapat, sumangguni siya sa Diyos tungkol doon.

<sup>31</sup> At pagkatapos ay nangusap sa kanya ang Diyos sa isang panaginip, at nagsabi, "Jose, anak ni David, huwag kang mangamba sa pagtanggap kay Maria na iyong asawa, sapagkat ang kanyang dinadalantao ay sa Espiritu Santo. Nilukuban siya ng Diyos. Ito yaong may gawa nito."

<sup>32</sup> Napansin n'yo ba kung papaano nakipag-ugnay ang Diyos kay Jose roon? Sa hindi pangunahing pamamaraan, sa paraan ng panaginip. Ngayon, alam nating may mga panaginip, naniniwala tayo sa mga panaginip. Naniniwala ako sa mga panaginip. Naging... Noon pa ma'y nakikipag-ugnay na ang Diyos sa mga tao sa mga panaginip. Subalit pumapangalawa lang ang mga panaginip, kita n'yo, maaaring tama ito o mali maliban na ito'y maipaliwanag. Subalit hindi na niya kinailangan noon ng anumang pagpapaliwanag. Iyon ang Diyos Mismo na nangungusap nang tuwiran kay Jose, dahil walang propeta sa lupain noong mga panahong iyon upang magpaliwanag. Hindi pa noon nagkaroon ng propeta sa loob ng apat na raang taon. Kaya ang kasunod na pinakamainam, na may malasakit ang Diyos sa kapakanan, kapakanan ng Kanyang Sariling anak, ay ang mangusap kay Jose sa pamamagitan ng isang panaginip at nang walang pagpapaliwanag. Sabi Niya, "Tama ang naturang babae. Ang Banal na Bagay na iyon na dinadalantao niya ay ang Anak ng Diyos." Hindi na nangailangan ng anumang pagpapaliwanag.

<sup>33</sup> Ang Diyos na Mismo ang nagpapaliwanag sa matatapat at sinserong mga puso, sa mga lalaki at mga babae na tumitingin sa—sa bagay na mahiwaga, kung matapat kayo at sinsero at sasampalataya, may paraan ang Diyos ng pagpapaliwanag niyon sa inyo. Una, alamin n'yo kung iyon ay isang pangako. Kung bumalik lang sana noon si Jose at lumayo sa mga tradisyon at binalikan ang Biblia, at inalam iyon, na sinabi na ni Isaias na gagawin nga ng babae ang gayon.

<sup>34</sup> At ang mga bagay na ipinangusap, at ang Kanyang kapanganakan, at ang lahat ng tungkol dito ay ipinangusap na ng Mga Kasulatan, “sa pamamagitan ng mga banal na propeta,” gaya ng sabi ni Pedro. At walang tao ang may karapatan na maglagay ng sariling pagpapaliwanag doon. Sadyang tumpak iyon sa sinabi ng Diyos na mangyayari nga. Siya ang kahayagan ng Salita ng Diyos na ipinangako para sa panahong iyon. Sinabi iyon ng Diyos, kaya hayun na nga iyon. Iyon na 'yon.

<sup>35</sup> Sinabi ni Jesus. . . Noong nasa lupa pa Siya, noong hindi nila maunawaan ang Kanyang ministeryo, iyon ay napakadakila, masyadong pambihira, (hindi nila), napaka-pambihira, pala. Hindi nila Siya maunawaan. Sinabi Niya, “Saliksikin ninyo ang Mga Kasulatan!” (Sana'y hindi ko kayo nabibingi rian, na napasigaw roon.) “Saliksikin ninyo ang Mga Kasulatan, sapagkat iniisip ninyo na sa mga Yaon ay mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan, at ang mga Ito ang siyang nagpapatotoo sa Akin.” Kita n'yo? “Yaon ang mga nagsasabi sa inyo kung Sino Ako.”

<sup>36</sup> Kita n'yo, binaha-bahagi ng Diyos ang Salita. Ang panahon na iyon ay ang paghahayag ng Diyos, ang Diyos (Emmanuel) ay sumasa atin, “Ang Kanyang Pangalan ay tatawaging Kamangha-mangha, Tagapayo, Pangulo ng Kapayapaan, Makapangyarihang Diyos, Walang Hanggang Ama. At ang Kanyang Pangalan ay tatawaging *Emmanuel*, ‘Sumasa atin ang Diyos.’” Ang Diyos ay suma kay David noon. Ang Diyos ay suma kay Moises noon. Ang Diyos! Iyon ang Diyos mula simula hanggang wakas, na ipinahahayag ang Kanyang Sarili para sa kapanahunang iyon. Subalit sa kapanahunang ito, “Isang birhen ang maglilahi at manganganak siya ng isang Anak na Lalaki, at Siya ay magiging ang Diyos na sumasa atin.”

<sup>37</sup> Iyon ang dahilan kaya ipinako nila Siya, dahil sa ginawa Niyang Diyos ang Kanyang Sarili, at dahil na rin sa paglabag sa Sabbath. Siya ay—Siya ay Diyos ng Sabbath, at Siya ay Diyos. At hindi lang Siya isang pangkaraniwang tao o isang pangkaraniwang propeta lang (bagamat isa Siyang pangkaraniwang Tao at isang Propeta), subalit Siya ang Diyos na Propeta. At Siya ang katuparan ng Salita, eksakto sa sinabi ng Diyos na gagawin Niya. Sabi, “Sino sa inyo ang makahahatol sa Akin ng kasalanan? Saliksikin ninyo ang Mga Kasulatan! Sa mga yaon ay iniisip ninyong mayroon kayong Buhay na Walang

Hanggan, at ang mga ito ang nagpapatotoo sa Akin.” Subalit ang kanilang mga tradisyon, nabubuhay sila sa nakasisilaw na ningning ng ibang panahon.

<sup>38</sup> Gaya na ng ipinangaral ko ilang linggo na ang nakararaan, “*Nabubuhay sa nakasisilaw na ningning.*” Ang isang *nakasisilaw na ningning* ay “isang mirahe,” ang araw na pinatatalbog lang ang liwanag nito, at ito’y hindi totoo. At ang anumang nakasisilaw na ningning ng ibang panahon ay isang hindi totoong imahe. Laging lumalakad ang mga tao sa isang bagay na nangyari mga taon na ang nagdaan. Ang mga Lutheran ay lumalakad sa nakasisilaw na ningning ng Lutheran. Mainam naman ang sikat ng araw ni Luther noong kanyang panahon; ang kay Wesley ay mainam noong kanyang panahon; ang sa Pentecostal ay mainam noong panahon nito. Paakyat na tayo sa hagdanan, nabubuhay tayo sa iba na namang kapanahunan! Tayo ay nagpapatuloy, tuluy-tuloy, hindi tayo maaaring palingun-lingon sa nakaraan.

<sup>39</sup> Kapag palagay na tayo sa ating mga sarili sa mga bagay-bagay, akala natin ay nagawa na natin itong lahat, nakatutok na tayo nang husto sa ating mga tradisyon; at mainam ’yon para sa panahong iyon, subalit sumusulong tayo! Saliksikin ninyo ang Mga Kasulatan at alamin kung ano ang ipinangako para sa panahong ito, kung magkagayo’y malalaman natin kung nasaan na tayo, saka natin masasabi kung saan tayo nakatayo.

<sup>40</sup> Ang kay Luther; maaari kang tumingin sa Kasulatan at makikita roon-roon sa kapanahunan ng Sardis, makikita mo mismo kung ano ang ipinangako. Tingnan n’yo kung anong uri ng mangangabayo ang lumitaw, tingnan n’yo kung ano ang humayo’t kumatagpo sa kanya, mismo, “ang karunungan ng tao,” repormasyon. Masdan n’yo ang kay Wesley, at iba pa. Habang nagpapatuloy iyon patungo sa kapanahunang Pentecostal, at tuluy-tuloy hanggang sa panahong iyan, masdan n’yo kung paano iyon naglakbay. Tingnan ninyo ang Mga Kasulatan at alamin kung nasaan na ba tayo. Iyon ang dahilan kaya sinabi ni Jesus, “Saliksikin ninyo ang Mga Kasulatan!”

<sup>41</sup> Tingnan n’yo kung nasaan na tayo! Naniniwala akong nasa Pagparito na tayo ng Anak ng Diyos ngayon na mismo. Naniniwala akong nasa panahon na tayo ng—ng mismong oras na maaari Siyang magpakita anumang oras. Naniniwala akong inihahayag iyon ng Mga Kasulatan, na nasa mga huling oras na tayo ng kasaysayan ng sanlibutang ito. Nakikita ko na ang mga bagay habang ang mga ito ay nabubuo. Nakikita itong Ecumenical Council na inaakay ang mga iglesya patungo rito, patungo sa tatak ng hayop. At nakikita ang Imperyong Romano at ang ginagawa nito, at ng lahat ng iba pa sa kanila. Nakikita na nagtitipun-tipon na sila, pinipigilang makapasok ang Liwanag, pinipigilang makapasok ang Ebanghelyo. Kinakailangang maging kabilang roon ang



lahat ng mga tao at lumakad sa kanilang mga liwanag kung hindi ay hindi na talaga kayo lalakad. Kita n'yo, nasa huling panahon na tayo. Wala nang natitira pa sa atin kundi ang manghawakan sa Diyos at sampalatayanan ang Kanyang Salita. Laging tama ang Salita.

<sup>42</sup> Sa kapanahunan ng iglesyang Laodicea, iyon lang ang tanging kapanahunan ng iglesya, sa lahat ng mga iyon, kung saan inilagay si Cristo sa labas ng iglesya. Nasa labas Siya, na kumakatok. Ano'ng nangyari? Ang Ecumenical Council na ito ang magpapalabas sa Kanya. Sinabi ng Biblia na mapupunta Siya sa labas, at Siya nga. Pinipigilan nitong makapasok ang ano? Ang Salita. At Siya ang Salita, Siya na noon pa man ang Salita, at Siya pa rin ang Salita ngayong gabi! Siya ang Salita.

<sup>43</sup> Ang sabi ng Biblia, “Ang Salita ay mas matalas, mas mabisa kaysa sa isang tabak na may dalawang talim,” Mga Hebreo, sa ika-4 na kabanata, “kumikilala ng mga pag-iisip at mga haka ng puso.” Gayon nga ang Salita! Nakilala sana nila kung Sino Siya noong sinabi iyon ni Jesus noong araw na iyon.

<sup>44</sup> Tingnan n'yo ang ginawa Niya. Isang araw ay nakatayo Siya roon, noong unang pasimula ng Kanyang ministryo. May lalaking lumapit sa Kanya, sa pangalang Simon, Simon Pedro. At noong tumingin sa Kanya si Pedro at—at nakita Siya, sinabi sa kanya ni Jesus, “Ang pangalan mo ay Simon at ikaw ay anak ni Jonas.” (Tiyak na alam na niya na sinabi ni Moises, “Ang Panginoon ninyong Diyos ay magbabangon ng isang Propetang gaya ko, at Siya ang inyong dapat na pakinggan.”) At narito ang isang Lalaki na hindi pa siya nakita kailanman sa kanyang buhay, na nagsabi, “Ang pangalan mo ay Simon at ikaw ay anak ni Jonas.” Aba, alam na niya noon din na iyon ay wala nang iba pa. . . Hindi pa sila nagkakaroon ng propeta sa loob ng daan-daang taon na, at narito ang isang Lalaki na nagsasabi sa kanya kung sino siya. Hindi nakapagtataakang kaya niyang tanggapin iyon!

<sup>45</sup> Si Felipe, noong panahong iyon, ay humayo at—at nasumpungan si Nathanael sa ilalim ng isang punongkahoy, at isinama siya pabalik kay Jesus. Sinabi ni Jesus, “Narito ang isang Israelita na walang daya.”

Sabi nito, “Rabi, kailan Mo ako nakilala?”

<sup>46</sup> Sabi Niya, “Bago ka pa tinawag ni Felipe, noong nasa ilalim ka ng puno, ay nakita na Kita.”

<sup>47</sup> Sabi nito, “Rabi, Ikaw ang Anak ng Diyos! Ikaw ang Hari ng Israel.” Nakilala niya iyon! Ano? Hindi na iyon nangailangan pa ng anumang paliwanag, sinabi na iyon ni Jehovah!

<sup>48</sup> Nakatayo roon 'yung mga hindi naniniwala rito. Sabi nila, “Ang Lalaking ito ay Beelzebub. Mayroon Siyang—mayroon Siyang kung anong uri ng panlilinlang na Kanyang ginagawa. Siya—isa Siyang manghuhula, o kung ano.”

<sup>49</sup> Tiningnan sila ni Jesus, at nagsabi, “Aba, sabihin ninyo iyan laban sa Anak ng tao, ito’y ipatatawad sa inyo. Subalit pagdating ng Banal na Espiritu para gawin ang gayon ding bagay, magsalita kayo laban Doon, hindi na iyon ipatatawad sa inyo, sa sanlibutang ito o sa sanlibutan na darating.” Ang tinutukoy ng propesiya Niya ay ang ating panahon, ang panahon kung kailan na dapat nating makita. Sapagkat Siya ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

Tandaan n’yo, si Jesus Cristo iyon noon na na kay Moises.

<sup>50</sup> Si Jesus Cristo ang na kay David noon. Noong si David, ang anak ni . . . si David ay umakyat sa bundok, isang haring tinanggihan, at iniyakan ang Jerusalem, iyon ay wala nang iba pa kundi si Cristo na nasa kanya. Sapagkat pagkaraan ng halos mga walong daang taon, ang Anak ni David ay naupo sa ibabaw ng Bundok ng mga Olibo at tumunghay sa Jerusalem at nanangis, at nagsabi, “Jerusalem, Jerusalem, makailang inibig Kong limliman ka gaya ng inahing manok sa kanyang mga sisiw, subalit ayaw ninyo!”

<sup>51</sup> Noong nasa bilangguan si Joseph, si Jesus iyon. Noong ipinagbili siya nang halos tatlumpung pirasong pilak, si Jesus iyon. Noong ginawa siyang katiwala ni Potifar, si Jesus iyon. Noong maupo siya sa kanang kamay ng Faraon. At noong umalis siya, ang lahat . . . pagtunog ng trumpeta, at kinakailangang iluhod ng lahat ang isa nilang tuhod, si Jesus iyon. Walang makalalapit noon sa Faraon kundi sa pamamagitan lamang—sa pamamagitan ni Joseph; walang makaparoroon sa Diyos, sa pamamagitan lamang ni Jesus. Si Jesus iyon, ang Salitang iprinopesiya na natupad, na sinalita noon na idinadaan sa mga pag-aanino at mga pagtitipo.

<sup>52</sup> Noong naririto pa si Jesus sa lupa, ginawa Niya ang gayon ding mga bagay na ginawa ng mga propeta, kaya nga nalaman nila na Siya ang kahayagan ng Diyos ng Kanyang Salita. Hindi na iyon kailangang ipaliwanag pa.

<sup>53</sup> Noong nakita ito ni Nathanael, nagpatirapa siya, sabi, “Ikaw ang Hari ng Israel, ang Anak ng Diyos, ang Hari ng Israel. Kilala Ka namin, walang tao na makagagawa nito.”

<sup>54</sup> Naparoon si Nicodemo nang gabi, sinabi ang gayon din para sa mga Fariseo. Ngunit, nakita n’yo, labis na silang nakakapit sa kanilang Ecumenical Council hanggang sa hindi na nila kayang tanggapin Iyon. Ipinahayag niya ang sinabi nila, sabi, “Rabi, kami. . .” Sino ba ’yung “kami”? Ang kanilang konseho! “Alam namin na Ikaw ay isang guro na nagbuhat sa Diyos, ’pagkat walang taong makagagawa ng mga bagay na ito maliban na sumasa Kanya ang Diyos.” Napagkilala nila Iyon, alam nila na Iyon na nga, subalit masyado na silang nakakapit rito.

<sup>55</sup> At ang Diyos, sa nakaraang apatnapung taon, ay niyugyog na ang bansang ito gamit ang bautismo ng Banal na Espiritu, at

ang kalalakihan at kababaihan ay nasa labas pa rin Nito dahil nakakapit sila sa gayunding bagay, nabubuhay sa nakasisilaw na ningning ng ibang panahon. Ano bang nangyayari? Gusto ng lahat na maging Methodist, Baptist, Presbyterian, Lutheran, o kung ano. Kita n'yo, nakasisilaw na ningning 'yon.

<sup>56</sup> Nabubuhay sila noon sa nakasisilaw na ningning ng panahon ni Moises. Ano ang sinabi niya? Sabi niya . . .Sabi nila, “Mga alagad kami ni Moises.”

<sup>57</sup> Sabi Niya, “Kung nakilala nga ninyo noon si Moises, nakilala n'yo sana Ako. Sumulat si Moises patungkol sa Akin!”

<sup>58</sup> Kung nakilala ninyo noon si Luther, nakilala sana ninyo ang kapanahunang ito! Kung nakilala ninyo ang Methodist, makikilala n'yo ang kapanahunang ito! Sapagkat sumulat si Cristo patungkol sa kapanahunang ito! Ang Mga Salitang natutupad na ay kinakailangan ngang matupad sa kapanahunang ito. Hindi na Nito kailangan ng sinuman para ipaliwanag Ito, ang Diyos na Mismo ang nagpapaliwanag. Ang Diyos ang Mismong nagpapaliwanag, sapagkat Siya lang ang Iisang makapagpapaliwanag Nito. Palaging pinatotohanan ng mga pangako ng Diyos ang Kanyang sinabi, at 'yun na ang kapaliwanagan.

<sup>59</sup> Ngayon, si Jesus, (para makatipid tayo ng oras), sinabi ni Jesus, sa San Juan, sa ika-14 na kabanata, sa ika-12 talata, “Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman niya.” Sinabi ba Niya iyon? Siyanga. Hindi na nun kailangan ng pagpapaliwanag. Kapag may gumawa sa gawaing iyon, ang Diyos 'yon. Sigurado talaga!

<sup>60</sup> Sinabi rin Niya roon, “Kung papaano ang nangyari sa panahon ni Lot, ay gayundin naman ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao.” Sinabi iyon ni Jesus. Sinabi ba Niya iyon? Sigurado, sinabi nga Niya! Hindi na niyon kailangan ng pagpapaliwanag.

Sabi nila, “Buweno, ang ibig sabihin nun . . .”

<sup>61</sup> Ang ibig sabihin nun ay mismong kung ano ang sinabi Niya! “Kung papaano ang nangyari sa panahon ni Lot, gayundin naman ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao.” Ano naman ang nangyari sa panahon ni Lot? Bumalik tayo pansumandali, alamin kung ano ang ginagawa nila noon.

<sup>62</sup> May tatlong uri ng tao noong panahon ni Lot: mananampalataya, nagkukunwaring mananampalataya, at di-mananampalataya. Iyon ay nasa bawat pulutong ng mga tao, ang ganoon din.

Napag-alaman na natin na ang mga Sodomita ay ang di-mananampalataya.

Si Lot ay ang nagkukunwaring mananampalataya.

63 Si Abraham ang mananampalataya. Sa kanya pinagtibay ang tipan. Siya 'yung naghihintay para sa isang pangakong anak. Siya 'yung umaasa doon. Amen. (Hindi ko "inaamenan" ang sarili ko. Ang ibig sabihin ng *Amen* ay "Siya nawa!") At tama 'yon. Wala sa Sodoma si Abraham noon. Si Abraham ay nasa itaas at nasa labas ng Sodoma. Siya ay tipo ng Iglesyang espirituwal ngayon.

64 Si Lot ay tipo ng makadenominasyong iglesya na naroon pa sa Sodoma. Masdan n'yo, sinabi ng Biblia na, "Binabagabag ng mga kasalanan ng Sodoma araw-araw ang matuwid niyang kaluluwa." Bakit wala siyang sapat na katapangan para manindigan laban dito? Napakaraming mabubuting kalalakihan na nasa simbahan ngayon, tumitingin at nakikita ang mga kababaihan na nakasuot ng shorts at mga lalaking gumagawa ng mga ganoong bagay, at nagpupunta ang mga miyembro nila, naglalaro ng golf nang Linggo, at sa mga picnic party, at swimming at mga ganoong bagay, imbes na magsimba. Naroroon sa bahay nang Miyerkules ng gabi, nanonood ng telebisyon, imbes na magsimba. Para bang gusto nilang sabihin ang tungkol doon, pero paaalisin kasi sila ng lupon ng tagapangasiwa. Ano'ng nangyayari? Si Lot muli, na nakadungaw sa kanyang bintana at nakikita ang kasalanan, at natatakot na tawagin na "kasalanan" ang kasalanan!

65 Wala si Abraham sa kanilang kaguluhan, labas siya roon. Tipo siya ng espirituwal na Iglesya. Ngayon masdan n'yo ang nangyari sadyang sa huling panahon, bago lang bumagsak ang apoy. At mga Gentil iyon. Una na nitong ipinakita ang mangyayaring pagbagsak ng apoy sa mundo ng mga Gentil ngayon, kung kailan mangawawasak ang mga kaharian at mangasusunog sila. "Ang kalangitan ay magniningas," sabi ng Panginoon, "at sila'y mangasusunog sa matinding init." Iyon ay anino niyon.

66 Ngayon buuin natin sa isip ang larawan nila. Heto si Abraham na nasa labas na, wala sa Sodoma, nasa labas siya ng Sodoma. Si Lot naman ay nasa Sodoma pa rin.

67 Kakatwang bagay, isang mainit na umaga, nasa mga alas-onse marahil iyon, nakita niya na may paparating na tatlong lalaki, karaniwang lalaki, na naglalakad sa lansangan, sa daan. Nakaupo noon si Abraham sa ilalim ng punong encina, mag-isang nagpapahinga. Kagagaling niya sa labas, marahil kasa-kasama ang bakahan noong umagang iyon, umuwi, nang magtatanghali na. At nakita niyang paparating ang tatlong lalaki. At may kung anong bagay sa mga lalaking iyon, na, para bang pamilyar. Oh, naku!

68 Laging may kung anong bagay sa Diyos, kapag dumarating Ito sa mga tao, para bang pamilyar Ito. Nakikilala nila Ito. May bagay na nagsasabi sa kanila, na may bindikasyon roon.

<sup>69</sup> Kaagad na tumakbo si Abraham, at nagsabi, “Panginoon ko, magdaan Kayo at hayaang kumuha ako ng kaunting tubig, dalhin ito at hugasan ang Inyong mga paa, at bigyan Kayo ng isang pirasong tinapay, at saka na Kayo humayo sa Inyong daan.” Kaya tumabi siya. Tumakbo siya sa bakahan at kumuha ng guyang baka at kinatay iyon, ipinaluto iyon sa isang tagapaglingkod. Pumasok sa tolda, sa may ibaba niya, at nagutos kay Sarah na magma sa ng ilang harina, gumawa ng ilan, o ilang makakain, gumawa ng ilang tinapay, at lutuin ang mga tinapay sa apuyan. Dinala ang mga iyon sa labas at inihain. Habang nakaupo siya roon, na kumakain, nagsimula nilang mapansin, palaging tumitingin ang Lalaking ito roon sa Sodoma. At sabi Niya . . .

<sup>70</sup> Dalawa sa kanila, alalahanin n’yo, ang nagtungo ng Sodoma. Dalawa ang nagpunta sa Sodoma. Pakiusap na huwag ninyong palampasin ito. Ang tinutukoy ko ay ang sinabi ni Jesus. Ang dalawa sa kanila ay pumunta ng Sodoma upang ilabas si Lot at kung ano ang nakahanda nang mailabas doon. At ’yung dalawa na nagtungo roon, ay pumaroon at nangaral. (At may Isa na nanatiling kasama ni Abraham. Masdan n’yo ang tanda na ginawa Niya.) May tanda sila roon, mayroong . . . binulag ang mga Sodomita. Laging nakakabulag sa mga dimanampalataya ang pangangaral ng Ebanghelyo. At pansinin n’yo ang may gawa nito.

<sup>71</sup> Ngayon, may Isang nakatayo rito at ginawa ang tanda na iyon sa harapan ni Abraham.

<sup>72</sup> Ngayon, napansin n’yo na ba, sinumang mananalaysay, na sinusundan ang Mga Kasulatan, sinusundan ang kasaysayan, wala pang pagkakataon sa mga kapanahunan ng iglesya kung saan pumaroon ang isang tao sa mga natingrang iglesya roon sa sanlibutan, doon sa mga denominasyon, wala pang tao na ang kanyang pangalan ay nagtatapos na gaya ng sa Abraham, h-a-m, dati. Subalit ngayo’y mayroon silang isa, G-r-a-h-a-m. Siyanga. Pumaparoon, tinatawag sila palabas. Mainam ang ginagawa niyang trabaho rito. Graham, Billy Graham, ang lingkod ng Diyos doon sa gitna ng mga denominasyon, mga pulitiko, at iba pa, binabangga iyon.

<sup>73</sup> Noong isang araw na gusto nila siyang tumakbo bilang Pangulo, tahasan niya itong tinanggihan. Diyos, pagpalain siya dahil doon. Aba, ’yung mga kumpanya ng alak, ni hindi man lang sana siya nakaunang hakbang. Gumugol na sana ang mga iyon ng bilyun-bilyong dolyar, dahil patitigilin niya ang mga iyon sa anumang paraan, ’yung mga kumpanya ng sigarilyo at mga ganoong bagay. Kita n’yo, naroroon siya bilang mensahero ng Diyos sa mga Sodomita. Ganoon na nga mismo.

<sup>74</sup> Subalit alalahanin n’yo, may Isa na nanatili roon sa itaas kasama ni Abraham, iba pang Tao, hindi ’yung dalawang

bumaba roon na parang makabagong mga ebanghelista na pumaroon para mangaral. Pansinin n'yo, may Isang nanatili roon. Dalawa ang bumaba sa gawing *iyon*, at Isa ang nanatili *rito* kasama ni Abraham. At Yaong nanatili kasama ni Abraham ay binigyan siya ng isang tanda.

<sup>75</sup> Ngayon masdan, ang pangalan niya dati ay “Abram” at ang asawa naman niya ay “Sarai,” isa o dalawang araw lamang bago *iyon*. Nagpakita sa kanya ang Diyos at sinabi sa kanya, “Papalitan Ko ngayon ang iyong pangalan mula sa Abram patungong Abraham.” (Kita n'yo, ang G-r-a-h-a-m ay anim na titik, tao.) Ngunit ang A-b-r-a-h-a-m ay pito, pitong titik; h-a-m, nagtatapos sa h-a-m.

<sup>76</sup> Ngayon, dito sa Iglesyang espirituwal, may Isa roon kay Abraham, at pansinin n'yo ang sabi Niya. Sabi Niya, “Abraham,” (hindi “Abram”) “Abraham, nasaan ang iyong asawang si” (hindi “S-a-r-r-a”) “S-a-r-a-h? Nasaan ang iyong asawang si Sarah?”

<sup>77</sup> Masdan ninyo ang sabi nito, “Siya ay nasa tolda sa Iyong likuran.”

<sup>78</sup> At sabi Niya, “Dadalawin Kita. Ako'y dadalaw sa iyo.” Nakita n'yo ba ang panghalip panao na *iyon*, 'yung Isa, ayon sa pangakong ipinangako Niya. *Iyon* ang Diyos! Sabi Niya, “Dadalawin Kita.”

<sup>79</sup> At si Sarah, (sa paraan na mauunawaan nating lahat) ay palihim na tumawa, sa kanyang sarili, sabi niya, “Ako, na matanda nang babae, sandaang taong gulang na, ang aking panginoon” (na si Abraham) “ay matanda na rin, lampas na sa panahon ng buhay niyaong mga kabataan pa.” Sabi, “Aba, hindi na kami maaaring magtamo pa ng ganoong kaligayahan, matanda na ako at siya'y matanda na.” At sabi, “Hindi na kami maaaring magtamo niyon.” At sabi, “Papaano? Hindi maaaring mangyari ang mga bagay na ito!”

<sup>80</sup> At ang—ang naturang Lalaki (ang Diyos na nasa katawang tao) ay nagsabi, “Bakit tumawa si Sarah at nag-alinlangan, na sinasabi ang ganitong mga bagay?” Nasa loob ng tolda, sa likuran Niya.

<sup>81</sup> Ngayo'y masdan, kung hindi ba 'yun din ang siyang naging ministryo ni Jesus Cristo! Tumingin Siya sa mga tagapakinig at kinilala ang kanilang pag-iisip. Sinabi Niya kay Pedro kung sino ito at kung ano ang pangalan ng kanyang ama. Sinabi kay Nathanael.

<sup>82</sup> Sinabi sa babaeng nasa may balon, noong sinabi nitong. . . Sabi Niya, “Painumin mo Ako,” o “Dalhan mo Ako ng inumin.”

<sup>83</sup> Sabi nito, “Ginoo, hindi kaugalian na Ikaw ay makipag-usap sa. . . kayong mga Judio na makipag-usap sa mga Samaritano. Hindi tayo nakikipag-usap sa isa't isa.”

84 Sabi Niya, “Subalit kung nakikilala mo kung Sino ang kausap mo, hihingi ka sa Akin ng inumin.” Nagpatuloy pa ang pag-uusap. Sabi Niya, “Humayo ka’t tawagin ang iyong asawa at pumarito ka.”

Sabi nito, “Wala akong asawa.”

Sabi Niya, “Mabuti ang pagkasabi mo, sapagkat nagkaroon ka na ng lima.”

Sabi nito, “Ginoo!”

85 Tingnan n’yo ang kaibhan sa pagitan nun at nila—at nilang mga saserdote ng panahon na iyon, ang konseho na ’yon na nabubuhay sa nakasisilaw na ningning ng ibang panahon. Sabi nila, “Ito ang diablo!” Kinailangan nilang sagutin ang kanilang kongregasyon sa isang bagay, ’pagkat hinihingi nga ito.

86 Subalit anong ginawa nitong hamak na munting babae, ang itinalagang Binhing iyon na nakahimlay sa kanyang puso. . . Nagsawa at napagod na siya sa ganoong bagay, naging pakalat-kalat siya sa mga lansangan bilang patutot. Subalit noong makita niya Iyon, sabi niya, “Ginoo, napaghahalata kong Ikaw ay isang Propeta. Hindi pa kami nagkaroon ng isa sa loob ng apat na raang taon, at sinabi sa amin na sa pagparito ng Mesiyas ang mga bagay na iyon ang gagawin Niya.” Oh, naku! Ang Binhing nakahimlay roon ay biglang nabuhay! Bakit? Hindi na Niyon kinailangan ng pagpapaliwanag.

87 Sinabi ni Jesus, “Ako Siya na nagsasalita sa iyo.” Hindi na iyon nangailangan ng pagpapaliwanag. Ginawa na Niya ang himala at nagpatotoo na Siya nga ang Mesiyas na iyon, amen, at pinatotohanan mismo kung ano ang ipinangako ng Diyos (“Palilitawin ng Panginooon ninyong Diyos ang isang Propetang gaya ko,” sabi ni Moises). Ano iyon? Isang pagpapatibay sa Kasulatan!

88 Tumakbo siya sa bayan, at nagsabi, “Halikayo, tingnan ninyo ang isang Lalaki Na nagsabi sa akin ng mga bagay na ginawa ko. Mangyari kayang ito na mismo ang Cristo? Mangyari kayang ito na Siya? Sinabi Niya sa akin ang nagawa ko.”

89 Ngayon pansinin n’yo, si Jesus, Siya iyon na nasa Lalaking iyon na nakatalikod Mismo sa tolda at nagsabi kung tungkol saan ang iniisip ni Sarah na nasa loob noon ng tolda.

90 Sinasabi ng Salita ng Diyos, sa Mga Hebreo, sa ika-4 na kabanata, na. . . sinasabi Niya ang ganito, “Ang Salita ng Diyos ay mas mabisa at mas matalas kaysa tabak na may dalawang talim, humihiwa sa paghihiwalay ng utak ng buto, at kumikilala sa mga pag-iisip at haka ng puso.” Iyon ang Salita! At sa tuwing dumarating ang isang propeta, dumarating siya na dala ang Salita, at siya ang Salita para sa kapanahunang iyon. At ano ang ginawa nito? Isang tagapagpropesiya na kumikilala ng mga pag-iisip na nasa puso.

91 Ginawa Nito iyon kay Jesus Cristo sapagkat Siya ang kabuuan ng Salita.

92 At sinabi ni Jesus, “Kung paano ang nangyari sa panahon ng Sodoma, gayundin naman ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao.” Ang Espiritu ng Diyos ay paririto sa lupa sa anyo ng mga tao, ang Diyos na nahayag sa katawang tao (Amen! Nakikita n’yo ba iyon?), at gagawin ang gayunding bagay na ginawa ng Diyos na nasa katawang tao noon sa Sodoma. Alalahanin n’yo, naghihintay sila noon para sa isang pangakong anak. At, pagkatapos mismo niyon, ay dumating ang pangakong anak. Iyon na ang huling tanda na nakita ng Sodoma at ng grupo ni Abraham bago dumating ang pangakong anak. Napansin n’yo ba iyan? At ngayon ang Iglesyang espirituwal ay dumating na sa oras na iyon.

93 May nagsabi, “Kapatid na Branham, sinabi mo bang ‘iyon ang Diyos?’”

94 Sinabi ng Biblia, na ang Diyos Iyon! Hindi na niyon kailangan ng pagpapaliwanag. Siya si Elohim. Iyon ang itinawag sa Kanya ni Abraham. Alam ’yan ng sinumang nagbabasa ng Biblia. *Elohim*, “Yaong kusang nabubuhay nang walang hanggan.” Siya ang Una, ang Huli; ang Pasimula, ang Wakas. Si Elohim! Tinawag Siya ni Abraham na “Elohim.” Ang Diyos (na nakasulat sa malalaking titik sa Hebreo), Elohim; gaya lamang sa pasimula, “Diyos,” Elohim.

95 Siya ang Elohim na nahayag sa katawang tao, nakasuot ng damit ng tao, kumakain ng pagkain ng tao. Amen! Isang tanda na sa huling mga araw na magpapakita muli ang Diyos sa gitna ng Kanyang mga tao sa katawang tao! Amen! Sinabi ni Jesus, “Ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo. At kung papaano ang nangyari sa mga araw ng Sodoma, gayundin naman ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao.” Amen! Hindi na niyon kailangan ng paliwanag; ang kailangan nito ay pagpapamalas, ’yun ang kailangan nito. Amen. Naniniwala ba kayo roon?

Iyukod natin ang ating mga ulo.

96 Ama naming Makalangit, ibinibigay namin sa Iyo ang Iyong pangako ngayong gabi na sinabi Mo ang mga bagay na ito. Ipinangako Mo ang mga ito. Walang sinuman na makakayang buhayin ang Iyong Salita kundi Ikaw. Sinabi Mo, “Magkaroon ng liwanag,” at nagkaroon nga ng liwanag. Walang kailangang magpaliwanag niyon, nahayag iyon.

97 Gaya ng pagsabi namin sa sinabi ni Isaias, na propeta, “Isang birhen ang maglilihi,” siya nga; hindi na kailangan ng anumang pagpapamalas, ginawa niya iyon. Iyon nga ang nangyari.

98 Sinabi Mo po, na sa pagparito Niya ay isisilang Siya sa Bethlehem, “Mula sa Bethlehem, Judea. Hindi ba’t ikaw ang



pinakamaliit sa lahat ng mga pangulo ng Juda, ng Israel? Subalit mula sa iyo ay lalabas ang Pinuno ng Aking bayan.”

<sup>99</sup> Ang mga bagay na gagawin Niya, ang isisigaw Niya sa krus, kung papaano Siya hahatulan, tinusok ang Kanyang mga paa at ang Kanyang mga kamay; “Siya ay nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, at nabugbog dahil sa ating mga kasamaan; parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa Kanya; sa Kanyang mga latay ay nagsigaling tayo.”

<sup>100</sup> Kung papaanong sinabi ni David, “Hindi Ko iiwan ang Kanyang kaluluwa sa sheol, ni hindi Ko titiisin ang Aking Banal na makakita ng kabulukan.” At sa ikatlong araw, bago sumapit ang pitumpu’t dalawang oras para sirain ang Kanyang katawan, sinabi ng Salita ng Diyos, “Siya ay babangon.” (Sabi nila ay ninakaw daw ng mga ito ang Kanyang katawan; pinaniniwalaan pa rin nila iyon.) Subalit nananampalataya kami, Panginoon, sa Iyong Salita! Nahayag iyon. Bumangon nga si Jesus Cristo at sinabi Niya, “Ako’y . . . Narito, Ako’y sumasa inyong palagi, maging hanggang sa katapusan ng sanlibutan.”

<sup>101</sup> Nananampalataya kaming naririto Ka ngayong gabi. Nananampalataya kami na Ikaw ay ganoon pa ring Jesus Cristo ngayong gabi, rito, kung paanong Ikaw na noon pa man. At naghahanap Ka lamang ng mga mata, mga bisig, mga paa, bibig, mga kaluluwa, mga katawan, na Iyong magagamit upang ipamalas ang Iyong Sarili. Diyos, banalin Mo po kami ngayong gabi, upang makita namin ang buhay na Jesus Cristo na nabubuhay sa gitna namin. Hayaan Siyang pumarito! Kung gayo’y mangyari, gaya ng pagkagutom ng mga Griyegong iyon na dumating noong araw na iyon, at nagsabi, “Ginoo, ibig sana naming makita si Jesus.” At nangyari na nakita nga nila Siya. Oh, gaanong kapana-panabik marahil noong natingnan nila Siya!

<sup>102</sup> Diyos, Ikaw ay ganoon pa rin ngayon. At ipinangako Mong kung magugutom kami ay makikita Ka namin. “Kaunti pang panahon, at hindi na Ako makikita ng sanlibutan” (ang di-mananampalataya); “ngunit gayunma’y makikita ninyo Ako, sapagkat Ako’y sasa inyo, sumasa inyong lagi, hanggang sa wakas ng sanlibutan.” Alam namin na Ikaw ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

<sup>103</sup> Panginoon, nasabi na ang Mga Salita, naisulat na ito, ngayo’y mangyari nawa ito, para sa Kaluwalhatian ng Diyos, upang ipakita na tinutupad Niya ang Kanyang Salita. Amen. Pagpalain kayo ng Diyos.

<sup>104</sup> Magtatawag na ako ng pila para sa pagpapanalangin. Sa pagkaalam ko ay sinabi ni Billy na namigay siya ng mga prayer card, isa hanggang isandaan, o mga ganoon. Wala siya rito ngayon. Ang . . . Ano ang bilang ng prayer card . . . Tingnan ng isa

ang inyong likod ng inyong . . . Iyon ay—iyon ay isang numero at isang—at isang letra (A, B, C, D, o . . . ). Ano iyon, A? Sige.

<sup>105</sup> Kuhanin natin ang A, bilang isa, dalawa, tatlo, apat, lima. Basta umpisahan lang na magsitayo nang gaya nito. A, bilang isa, bilang dalawa, bilang tatlo, bilang apat. Apat, hindi ko 'yon nakita na tumayo. Prayer card bilang apat. Isa, dalawa, tatlo. Prayer . . . Marahil ay hindi sila makatayo. Kung hindi nila kaya, tingnan n'yo ang card ng katabi n'yo, baka may card siya at hindi siya makatayo. Mabilisan na. Hayun na pala, apat. Lima, prayer card bilang lima. Anim, pito, walo, siyam, sampu, labing-isa, labindalawa. Mag-umpisa lang na pumarito ngayon habang natatawag ang bilang n'yo. Bilang isa, dalawa, tatlo, pumarito lang sa gawing ito. Prayer card bilang isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pito, walo, siyam, sampu, labing-isa, pumunta lang sa inyong mga lugar. Labing-isa, labindalawa, labintatlo, labing-apat, labinlima, labing-anim, labimpito, labingwalo, labinsiyam, dalawampu, dalawampu't isa, dalawampu't dalawa, dalawampu't tatlo, dalawampu't apat, dalawampu't lima. Mayoong hindi . . .

<sup>106</sup> Nakikita ko ang isang bata pang lalaki sa isang wheelchair doon sa likod. Kung matawag ang bilang mo, anak, at—at kung hindi ka makapunta . . . buweno, itaas mo lang ang kamay mo, tutulungan ka namin na makapunta ka rito. Kita mo?

<sup>107</sup> Ilan ang naririto na walang prayer card at gayunma'y may sakit kayo? Tingnan nga natin ang mga kamay ninyo, saan mang dako. Sa gawing ito mismo, siyanga, itaas ang inyong mga kamay. Nananampalataya ba kayo? Habang tinitipon nila sila, sinasampalatayan n'yo ba Ito, na Siya ay siya ring kahapon at magpakailanman? Ilan ba? Masdan n'yo ang mga ministrong ito; hindi ba't sinasabi ng Kasulatan sa araw na ito, mga kapatid, na Siya ay isang Dakilang Saserdote na nahahabag sa ating mga kahinaan? Tama ba? Ilan ang naniniwala roon, itaas ang kamay n'yo? Siya ay isang Dakilang Saserdote na nahahabag sa ating mga kahinaan.

<sup>108</sup> Kung gayon kung sinasabi ng Biblia, “Siya ay siya ring kahapon at magpakailanman,” ilan ang naniniwala roon? Kung gayon ay papaano Siya kikilos ngayon? Kinakailangang kumilos Siya na gaya ng ginawa Niya kahapon. Tama ba? Nasaan ba Siya ngayong gabi? Nakaupo sa kanan ng Karangalan, ang Kanyang katawan; naririto ang Espiritu Santo sa gusali, upang ipakilala Siya.

<sup>109</sup> Pansinin n'yo, ngayon tingnan. Ano ang nangyari noong may humipo sa Kanyang damit noon doon, isang babae isang araw? Wala itong prayer card, sasabihin natin, subalit hinipo nito ang damit Niya. At nang mahipo nito ang Kanyang damit, bumaling si Jesus at nagsabi, “Sino ang humipo sa Akin?”

110 Sinaway Siya ni Pedro, at nagsabi, “Aba, Panginoon, para namang hindi makabuluhan ang dating niyan. Aba, sinisikap ng lahat na mahipo Ka. Bakit Mo sasabihing, ‘Sino ang humipo sa Akin?’”

111 Sabi Niya, “Subalit talastas Kong nanghina Ako.” Ilan ang nakakaalam nun? Mayroong *bisa*, na nangangahulugang “lakas,” na lumabas sa Kanya. “Nanghina Ako, may humipo sa Akin sa ibang paraan ng paghipo.” At bumaling Siya at tumingin sa mga naroon sa paligid hanggang sa nasumpungan Niya kung nasaan ang daluyan na iyon ng pananampalataya.

112 Niyayapos Siya ng lahat, “O Rabi, nananampalataya kami sa Iyo,” at lahat ng ito.

113 Ngunit may isang tunay na nanampalataya Rito. At nahipo nito ang Kanyang damit at nanampalatayang siya’y gumaling na, dahil sinabi nito sa kanyang puso na kung magagawa niya ito ay ganoon ang mangyayari.

114 Bumaling Siya at tumingin sa mga naroon sa paligid hanggang sa matagpuan Niya ang babaeng iyon, at sabi Niya . . . sinabi Niya sa kanya na ang kanyang sakit na pagdurugo ay huminto na at siya ay pinagaling na. Tama ba? Ngayon, ganoon ang ginawa Niya, sa mga taong naroon sa paligid.

115 Ngayon, inaangkin kong hindi Siya patay, buhay na buhay Siya ngayon kung paano Siya noon. At ang sabi ng Biblia, sinabi ni Jesus, Mismo, “Kung papaano ang nangyari sa panahon ng Sodoma, ay gayundin naman ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao.”

116 Ngayon tingnan n’yo, kahit ano pang uri ng kaloob na mayroon ang Diyos sa itaas dito, kailangang may isa riyang sa ibaba, rin naman, upang tumugon dito. Pumunta Siya sa isang bayan, sabi ng Biblia, “Maraming bagay Siyang hindi magawa dahil sa di nila pananampalataya.” Tama ba? Ganoon din ngayon. Kailangan n’yo Siyang sampalatayanan. Sadyang kailangan ninyo Siyang sampalatayanan. Tanging sa ganoong paraan n’yo lang magagawa.

117 Nakahanda na ba ang pila para sa pagpapanalangin? Ngayon, maging mapitagan ang lahat nang mga sampung minuto lamang. Hindi ko alam kung makakatapos ako hanggang doon, mayroon pa akong mga nasa dalawampu’t lima o tatlumpu na nakatayo riyang. Ngunit ngayon, sa pila para sa pagpapanalangin, ang bawat isa sa inyo riyang sa pila para sa pagpapanalangin na nalalaman na estranghero ako sa inyo, at wala akong alam tungkol sa inyo, itaas ang inyong kamay. Bawat isang nasa pila para sa pagpapanalangin.

118 Ngayon diyan sa mga nagsidalo, na nalalaman na wala akong alam patungkol sa inyo, itaas ang inyong kamay. Ngayon, ha, narito ang sinisikap kong sabihin, kaibigan, kita n’yo. Ngayon, heto iyon. Ang lahat ng mga ministrong ito sa entablado. At

ginawa ni Cristo ang pangakong ito. Kita n'yo, naisulat iyon. Kailan iyon magaganap? Sa huling mga araw, bago lamang ang Pagparito ng Panginoon. Tama ba? Magaganap ito sa panahong iyon.

<sup>119</sup> Ngayon, iyon ang Salita na iprinopesiya ngayon. Hindi liwanag ni Luther; hindi liwanag ni Wesley; at ni hindi ang liwanag ng Pentecostal. Patay na iyon ngayon. Ngayon, ayos lang si Luther; ayos lang ang Methodist; ayos lang ang Baptist; lahat ng mga iyon, ang Pentecostal, ay mainam naman. May lahat ng uri na nakaupo rito ngayong gabi. Hindi ito—hindi ito—hindi ito ang mga indibidwal. Paano kung . . .

<sup>120</sup> Hindi mo maaaring sabihin sa Methodist ang anuman tungkol kay Luther, 'pagkat naniniwala siya sa pagpapabanal at si Luther ay hindi. Kita n'yo?

<sup>121</sup> Hindi mo kailanman maaaring sabihin sa Pentecostal na ang "pagpapabanal ang lahat-lahat na nito," nakita na niya ang pagpapanauli ng mga kaloob. Hindi siya maniniwala roon. Hindi, higit pa roon ang mayroon siya. Kita n'yo? At 'yon ang huling kapanahunan ng iglesya na nagkaroon tayo, at sinasabi ng Biblia na wala nang darating pa na mga kapanahunan ng iglesya.

<sup>122</sup> Subalit magkakaroon ng pagtitipun-tipun ng mga tao, kita n'yo, at heto na nga tayo. Ngayon, alalahanin n'yo, ang huling tanda. Tayo ba'y mga taong naghihintay para sa isang pangakong anak? Itaas ang inyong kamay. Naniniwala ba kayo na kayo ang Binhi ni Abraham sa pagiging na kay Cristo? Itaas ang inyong kamay. Kung gayon, Binhi ni Abraham, tanggapin ninyo ang inyong tanda! Hindi iyon naroon sa Babilonia, hindi 'yon naroon sa mundo ng denominasyon. Naririto ito sa gitna ninyo, 'yung mga wala sa kaguluhan doon. Sampalatayanan ninyo ito!

<sup>123</sup> Narito ang isang babae, isa siyang ganap na estranghero sa akin, mga nasa parehong edad. Hindi ko pa nakita ang babae sa buhay ko. Kung kaya kong pagalingin ang babaeng iyan ay gagawin ko, kung may karamdaman siya. Wala akong alam tungkol sa kanya. Nakita n'yo bang itinaas niya ang kanyang kamay ilang minuto na ang nakararaan. Ako—hindi ko pa siya nakita. Siya'y isang babae lang na nakatayo riyan.

<sup>124</sup> Ngayong araw ay pumarito sila at nagdala ng isang salansan ng mga prayer card, binalasa ang lahat ng mga iyon at ipinamigay ang mga 'yon sa mga tao. Ang isa ay nakakuha ng bilang na isa rito, at bilang na sampu sa dako roon, bilang na labinlima, bilang na pito, bilang na . . . ganoon lang. Binabalasa ang lahat ng mga iyon, sa harapan ninyo, araw-araw. At kapag natawag ang mga iyon, basta natatawag lang ang mga iyon sa buong paligid buhat sa lahat ng dako. Kita n'yo? At, ngayon, ni hindi n'yo nga kailangan pang magkaroon ng prayer card,

basta maupo lang kayo riyan at manampalataya. Bakit hindi magawang . . .

<sup>125</sup> Kurutin n'yo ang inyong sarili, ngayong gabi, alamin ang oras na ating kinabubuhayan. Kita n'yo? Ngayon, halos patapos na rin ito, kaibigan. Halos patapos na!

<sup>126</sup> Ngayon, kung ibinangon ng Diyos ni Abraham si Jesus Cristo mula sa mga patay, at na ipinangako ni Jesus na sa huling mga araw ang siya ring mga tanda na si Abraham . . . na ginawa ng Anghel (na siyang Diyos na nasa katawang tao noon) sa harapan ni Abraham, bago lamang dumating ang pangakong anak, sinabi ni Jesus na magaganap ang gayon ding bagay ngayon.

<sup>127</sup> Ngayon, nakikita na natin ang mga atomika at ang mga denominasyon, at ang lahat ng mga iyon, at ang kaguluhan na kinalalagyan nila. Nakikita natin ang isang Billy Graham doon, at Oral Roberts, at ang lahat ng mga taong iyon doon; ang mensaherong Pentecostal at ang mensaherong denominasyonal doon, nakikita na natin ang lahat ng iyan na nagaganap na, ginagawa na ang mga tanda. Si Billy Graham, isang ganap na teologo, kung ano ang pinaniniwalaan ng mga denominasyon. Si Oral Roberts, isang ganap na tagapagpagaling, sadyang eksakto sa kung ano ang sa mga Pentecost . . .

<sup>128</sup> Subalit tumingin kayo rito, may iba pang ipinangako sa Binhi ni Abraham. Hayun sila doon sa gitna ng mga denominasyong iyon; may bagay na *labas* sa mga denominasyon ang inaasahang maganap, na tinitipon ang mga tao. Iiwanan muna natin ito hanggang bukas ng gabi.

<sup>129</sup> Masdan, hindi ko kilala iyang babae. Tatalikod ako sa kanya. Kung may sasabihin ang Panginoong Diyos sa babaeng iyan, marahil 'yon—'yon ay pampamilya, marahil iyon ay sa pananalapi, marahil ay may karamdaman 'yon; hindi ko alam. Malalaman niya kung totoo 'yon o hindi.

<sup>130</sup> Kung gagawin Niya ang gayon ding bagay ngayong gabi na ginawa Niya noon, sasampalatayanan n'yo ba ang Diyos na ipinangako ni Jesus Cristo na paririto sa huling panahon? Ilan ba ang naniniwala na nabubuhay na tayo gaya ng sa Sodoma noon, kung kailan ang buong sanlibutan ay humantong na sa mala-Sodomang kalagayan? Ilan ba sa inyo ang naniniwala na ang sinabi ko sa inyo ngayong gabi ay ang Katotohanan? Kung gayon, mga anak at Binhi ni Abraham, sampalatayanan ninyo ang Diyos!

<sup>131</sup> Ngayon, para maalís 'yon sa inyong isipan na sinusubukan kong magsabi ng anuman sa babae, sa pagtingin sa kanyang mukha, o para maalís na ang lahat ng mga bagay tungkol sa telepathy daw o kung ano pa man na gusto ninyong malaman. Ang sinumang nakakaalam ng tungkol sa telepathy ay dapat may mas makabuluhan pang alam kaysa diyan. Kita n'yo? Kita n'yo? Nakakita na ba kayo ng isang gumagamit ng telepathy

na nangangaral ng Ebanghelyo? Nakakita na ba kayo ng isang espiritista na nangangaral ng Ebanghelyo, gumagawa ng mga tanda at kababalaghan, ipinahahayag si Jesus Cristo bilang ganoon pa rin? Hindi.

<sup>132</sup> Kita n'yo, ito lang ay . . . ito'y nasa pag-iisip ng mga tao. Kita n'yo, bulag sila. Naniniwala ba kayong maaari silang maging bulag? Sinabi ng Biblia na sila nga ay magiging gayon. Tama ba? “Matitigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan kaysa maibigin sa Diyos, mga walang habag, mga mapanirang-puri, mga walang pagpipigil sa sarili, mga hindi maibigin sa mabuti, may anyo ng kabanalan, ngunit tinatanggihan ang Kapangyarihan nito.”

<sup>133</sup> Hindi ba't sinabi ni Jesus, sa San Mateo 24:24, na “Halos maililigaw ng dalawang espiritu sa huling mga araw ang mga Hinirang, kung maaari”? Subalit hindi 'yun maaari. Nasa isipan na sila ng Diyos sa pasimula pa lang, at bahagi sila ng Diyos.

<sup>134</sup> Ngayon, Diyos ni Abraham, Isaac, at Jacob, maalaman nawa ngayong gabi na sinasabi ko ang Katotohanan patungkol sa Iyo. Ikaw iyon, Panginoon. May pagpapakumbaba na magawa nawa ng Iyong mga lingkod na huwag makahadlang sa daan ang kanilang sariling mga kaisipan, upang magamit Mo ang aming mga katawan para sa Iyong Kaluwalhatian. Sa Pangalan ni Jesus, ang Anak ng Diyos. Amen.

<sup>135</sup> Ano ba ang isang kaloob? Hindi isang bagay na iyong kukunan at ipanghihiwa at babaligtarin. Hindi, hindi. Ito ay ang malamang kung paano mo aalisin ang iyong sarili sa daan upang magamit ka ng Diyos. Ang isang kaloob ay pagsasantabi lang ng iyong sarili, saka iyon gagamitin ng Diyos.

<sup>136</sup> Ang babae sa likuran ko ay mamamatay na kung hindi siya mapagaling. Naipanalangin na ng ibang tao ang babaeng nasa likuran ko, kamakailan lang. May kanser siya. Nasa kanyang dibidib ang kanser at pati na rin sa kanyang mga бага. At kapapanalangin lang sa kanya kamakailan, at sinisikap niyang tanggapin iyon sa pamamagitan ng pananampalataya na pinagaling na siya. Iyon ay GANITO ANG SABI NG PANGINOON! Totoo ba 'yon, binibini? [Sinasabi ng binibini, “Oo, totoo po 'yon.”—Pat.] Kung 'yun nga, ikaway—ikaway mo ang iyong kamay sa mga taong nagsidalò. Buhay pa rin ang Diyos ni Abraham! Sige, humayo ka't sampalatayanan ang iyong sinasampalatayanan at ikaw ay gagaling. Amen.

Sumasampalataya ba kayo? Sasabihin n'yo, “Paano naman ang mga nagsidalò?”

<sup>137</sup> Itong babaeng nakaupo rito kasama ang kanyang . . . sa dulo ng hanay, ang ikalawang binibini roon mismo. Noong pumihit ako doon lamang ay nakita ko ang isang bagay, isang bagay sa may braso niya, binobomba ang presyon ng dugo. Mataas ang presyon ng kanyang dugo. Tama ba, binibini? Itaas mo ang iyong

kamay. Kung sumasampalataya ka, bababa ang presyon ng iyong dugo. Nasa tagpo pa rin ang Diyos ni Abraham. Siya ay talagang kung ano nga iyon, ang Salita ng Diyos para sa panahong ito!

<sup>138</sup> Kumusta ka? Nananampalataya ka na ngayon? Manampalataya ka sa Diyos! Tila ba isang bata lamang. Alam ng Diyos ang puso mo, batang binibini, ako hindi. Nananampalataya ka bang magagawang ipahayag sa akin ng Diyos ang problema? Sasampalatayanan mo ba Siya kung gagawin ko? Hindi 'yun para sa iyo, para iyon sa iba, 'yun ang kapatid mong lalaki. At malala na talaga siya at nasa isang siyudad siya na nasa hilaga mula rito, Tulare. At nasa isang ospital siya, at siya'y may leukemia, at isinuko na siya ng mga doktor para mamatay. Wala na talagang pag-asa. Siyanga. Nananampalataya ka ba? [Ang naturang binibini, na umiiyak, ay nagsasabi, "Opo."—Pat.] Sige. Ano ba ang nasa kamay mo? Dalhin mo 'yan at ipatong mo 'yan sa kanya. At huwag mong pag-alinlanganan iyon. Manampalataya ka! Amen.

<sup>139</sup> Nananampalataya ka ba? Hindi ko pa nakita ang naturang binibini sa aking buhay. Subalit nananatiling Diyos ang Diyos! Ngayon, sabihin n'yo nga sa akin na kaya bang gawin 'yan ng tao lang? Hindi sa kagagawan ng tao para magawa 'yon. Iyon ang Diyos na ipinangako ni Jesus Cristo na paririto sa huling mga araw na patototohanan ang Kanyang Sarili (sa harapan lamang ng Binhi ni Abraham) kung papaano noon sa panahon ng Sodoma.

<sup>140</sup> Ngayon narito, hindi ko kilala ang binibini, estranghero kami sa isa't isa, sa palagay ko'y unang pagkakataon namin na nagkita sa buhay. Naniniwala ka bang lingkod Niya ako? Nananampalataya ka bang ito ang Salita? At alam mo na kung... Itong Salitang ito ay kumikilala pa rin ng mga pag-iisip at mga haka ng puso. Tama ba? Ang Salita ay Tagapagpagaling, din naman, kung masasampalatayanan mo Ito. Nananampalataya ka ba? Ikaw ay naaaninuhan, din, ng isang maitim na anino. Iyon ay kanser. At naniniwala ka bang masasabi ng Diyos sa akin kung saan naroon ang kanser na 'yon? Iyon ay nasa ibabang bituka, na gayon ang sinasabi ng doktor. Nananampalataya ka na ba ngayon na gagaling ka? Humayo ka, at huwag kang magduda man lang, at pagagalangin ka ng Diyos. Amen.

<sup>141</sup> Nananampalataya ba kayo, bawat isa? Sadyang eksakto sa ipinangako Niya na gagawin! Manampalataya kayo sa Diyos, huwag kayong magduda.

<sup>142</sup> Estranghero tayo sa isa't isa. Hindi kita kilala. Kung estranghero nga tayo, ipaalam mo 'yon sa mga tao, itaas natin ang ating kamay. Hindi ko pa nakita ang babaeng ito sa buhay ko.

143 Nananampalataya ba kayo riyan? Nananampalataya kayo na iyon si Jesus Cristo? Ano ito? Ito ang Kanyang Salita. Kapag tinanggihan Ito ng mga tao na ito, hindi nila tinatanggi ang isang tao, ang tinatanggi nila ay ang Salita. Ang Salita 'yung nasa labas, hindi na makabalik pa sa loob.

144 Ngayon, ang binibini ay estranghero sa akin. Hindi ko pa siya nakita sa buhay ko. Ang Diyos ay Tagapagpagaling. Maaaring hindi iyon para sa kagalingan, maaaring para iyon sa iba pang bagay, subalit kung ipaliliwanag sa akin ng Diyos ang problema mo, maniniwala ka ba sa akin? Ang unang bagay na gusto mong maipanalangin, ay, ang pandinig mong may diperensiya. Ang isa sa mga tainga mo, hindi ka makarinig dito. Siyanga. Totoo 'yon. At saka may bisyo ka, at gusto mong maalis ang bisyo na iyon, 'yun ay paninigarilyo. Ilagay mo ang iyong daliri sa maayos mong tainga ngayon, sige, sa iyong maayos na tainga. Sige. Ngayon ay sampalatayanan mo ang Diyos at humayo ka na, at huwag. . . at hindi ka na rin maninigarilyo kung sasampalataya ka. Humayo ka, at pagpalain ka ng Panginoon.

Nakita n'yo na ang nangyari. Hindi ba't totoo Siya?

145 Hindi kita kilala, estranghero tayo sa isa't isa. Hindi pa kita nakita sa buhay ko, subalit kilala ka ng Diyos. Kung makapagsasabi sa akin ang Diyos ng isang bagay tungkol sa iyo, mananampalataya ka ba?

146 Mananampalataya ba ang lahat ng mga taong nagsidalo? Mayroon bang nariryan na nakakakilala sa naturang babae? Mayroon ba riyan sa mga tao na nakakakilala sa babaeng ito? Sige, malalaman n'yo kung totoo ito o hindi. Sasapat na ito. Sasabihin nito ang katotohanan.

147 Ngayon ay nakikita n'yo ang nangyari nito lamang mga huling ilang minuto. Kita n'yo? Ito lang. . . Ako'y pasuray-suray na. Kita n'yo? Sadyang ang lahat lamang ay nagiging ganap na malabo na sa paningin ko. Kita n'yo, Ito'y kumikilala-. Kita n'yo, Ito ay ang Espiritu Santo. Hindi ako iyon. Ito'y ang Salita na ipinangako para sa panahong ito. Hindi pa kailanman naging ganito mula pa noong panahon ng mga apostol, hindi pa ito kailanman nangyari. Subalit kung saan sinabi ito, "Bago lamang ang pagparito ng Anak ng tao. Kung papaano ang nangyari sa panahon ni Lot, ay gayundin naman ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao." Hindi Ito sinasampalatayanan ng mga di-mananampalataya. Hindi inaasahan sa kanila na sasampalatayanan nila Ito. Subalit sinasampalatayanan Ito ng mga mananampalataya!

148 Ngayon, kung ipahahayag ito ng Espiritu Santo, ilan ang mananampalataya nang buong puso ninyo, itataas ninyo ang inyong kamay?

149 May ilan kang pinsala. Naaksidente ka sa kotse, nabanat at napaluwag nito ang ilang buto sa gulugod sa iyong leeg. Mayroon



ka ring isang kidney na nabanat at napaluwag. Tama iyon, di ba? Nananampalataya ka ba? Magiging maayos ka na. Purihin ang Panginoon.

<sup>150</sup> Nananampalataya ka bang pinagagaling ng Diyos ang sakit sa bato? Kung gayo'y sige at tanggapin mo ang iyong kagalingan.

<sup>151</sup> Halika, binibini. Tumingin ka sa gawing ito. Nananampalataya ka bang nagpapagaling ang Diyos ng sakit sa puso? Sige, humayo ka na at manampalataya, at magiging maayos na ang iyong puso.

<sup>152</sup> Halika rito. Nananampalataya ka bang kaya ng Diyos na pagalingin ang iyong likod, gawin kang maayos? Humayo ka na at sampalatayanan mo iyon kung gayon.

Sampalatayanan n'yo lang ang Diyos, ganoon lang ang dapat ninyong gawin!

<sup>153</sup> Halika, binibini. Nananampalataya ka bang nagpapagaling ang Diyos ng sakit sa tiyan? Humayo ka na't kumain ng iyong hapunan, manampalataya nang buong puso mo.

<sup>154</sup> Halika. Nananampalataya ka bang kayang pagalingin ng Diyos ang arthritis? Kung gayo'y humayo ka na, manampalataya, at gawin. . . at pagagalingin ka ng Diyos.

<sup>155</sup> Sige, halika. Nananampalataya ka ba nang buong puso mo? Nananampalataya ka? Arthritis, muli. Nananampalataya ka bang kaya kang pagalingin ng Diyos? Humayo ka na, sampalatayanan mo Ito, sabihing, "Salamat sa Iyo, Panginoon."

Ilan ang nananampalataya riyan? Nananampalataya ba kayo?

<sup>156</sup> Ang binibining ito na nakaupo rito na nakasuot ng pulang bestida, na nagtataas ng kanyang kamay rito mismo, na pinahihirapan ng mataas na presyon ng dugo. Nananampalataya ka bang kaya kang pagalingin ng Diyos? Nananampalataya ka nga? Sige. Ipatong mo ang iyong kamay roon sa kasunod mong binibini riyan, at sabihin mo sa kanya na gagaling na ang kanyang boses. Amen.

Hayan na ito. Amen. Nananampalataya ba kayo? Manampalataya kayo!

<sup>157</sup> Narito ang isang lalaking nakaupo rito, na nakakaranas ng mga pagdurugo. Nananampalataya ka ba, ginoo, na nakaupo sa gawi rito? Oo, may pagdurugo ka. Nananampalataya ka bang gagaling iyan?

<sup>158</sup> Ang binibining kasunod mo ay may pagdurugo rin, at may sakit siya sa likod. Nananampalataya ka bang pagagalingin ka ng Diyos? Nananampalataya ka? Itaas mo ang iyong kamay at tanggapin iyon. Manampalataya ka.

<sup>159</sup> Ang binibining ito na kasunod mo ay may sakit sa kanyang mga paa at sa kanyang balakang. Nananampalataya ka bang

tama 'yon, binibini? Nananampalataya ka bang ika'y gagaling? Buweno, itaas mo ang iyong kamay, sabihing, "Tinatanggap ko ito."

<sup>160</sup> Sige, 'yung binibining kasunod niya ay may impeksyon. Nananampalataya ka bang pagagalingin ng Diyos ang impeksyong iyon, bata pang binibini na nakasalaman? Itaas mo ang iyong kamay, sabihin mo, "Tinatanggap ko ito." Sige, sampalatayanan mo iyon.

<sup>161</sup> Ang binibining kasunod niya ay may sakit sa bato. Nananampalataya ka bang pagagalingin ng Diyos ang sakit mo sa bato, binibini? Sige, itaas mo ang iyong kamay, tanggapin iyon.

<sup>162</sup> Ang munting batang babaeng kasunod niya ay may goiter. Nananampalataya ka bang pagagalingin ng Diyos ang goiter diyan? Itaas mo ang iyong kamay, tanggapin iyon.

<sup>163</sup> Ilan ang nananampalataya nang buong puso ninyo? Kung gayo'y magsitayo kayo at tanggapin iyon. Tumayo kayo sa Presensiya ng Diyos ni Abraham, Isaac, at ni Jacob.

<sup>164</sup> Sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo bumaba nawa ang Banal na Espiritu sa loob ng gusali ngayon at pagalingin ang bawat tao na nasa Banal na Presensiya!



*ANG DIYOS MISMO ANG SARILI NIYANG TAGAPAGPALIWANAG* TAG64-0205  
(God Is His Own Interpreter)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Miyerkules ng gabi, Pebrero 5, 1964, sa Kern County Fairgrounds sa Bakersfield, California, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2014 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)